**Title: ILAW**

**Format: Radio Drama**

**Duration: 10 minutes**

**Writers: Jerom D. Mabini, *Vanessa Naputo, *Cesarlyn Emnas**

**Director: Arnel Adona**

**Technical: Jose Paulo Segundo**

**Cas**t: **Mishia - Veronica**/ ina nina Grace at Joseph, butihing maybahay ni Waldo,OFW

**Jerom - Waldo**/ ama nina Joseph at Grace, Mister ni Veronica, Simple

**Nasel - Grace-**/ panganay na anak ni Waldo at Veronica, Matalino

**Arnel - Joseph/Joy**- binabaeng anak nina Waldo at Veronica, Masayahin

Scene One: NAIA (Ninoy Aquino International Airport)

001 **SOUND: SOUND OF A LEAVING AIRPLANE AND A SOUND OF A FEMALE VOICE READING FLIGHT DETAILS**

002 **WALDO:** Mahal, sigurado ka na ba talaga? Hindi na ba kita mapipigilan sa iyong pag alis?

003 **VERONICA:** Mahal, diba napag-usapan na natin ito?

004 **VERONICA:** Mahal, diba napag-usapan na natin ito?

005 **WALDO:** O siya, basta tatawag ka palagi ha?! Mag iingat ka doon at huwag mong pababayaan ang sarili mo. Mahal na mahal ka namin ng mga anak mo.

006 **VERONICA:** Mahal na mahal ko rin kayo Waldo. Oo! mahirap ang malayo sa inyo, pero ito ang nakikita kung paraan para mabigyan ng magandang kinabukasan ang mga bata.

007 **JOSEPH/JOY:** Nay, yung pangako mong sapatos ha?

008 **GRACE:** Nay, ako naman po yung maganda at branded na bag.

009 **VERONICA:** Wag kayong mag-alala mga anak, sa unang sahod ko bibilhin ko agad ang mga gusto ninyo. Basta ikaw Grace ha, wag mong pababayaan ang kapatid mo, ikaw ang inaasahan kong tatayo bilang ina ni Joseph habang wala ako.

010 **GRACE:** Makakaasa po kayo Inay!

011 **VERONICA:** Ikaw naman Joseph, sumunod ka lagi sa ate mo.

012 **JOSEPH/ JOY:** Ano ba nay, Joy po (hahagikhik) Pero, sure no problem nay, tiwala lang. Ravaan!

013 **VERONICA:** Halinga kayo dito payakap nga si Nanay!

014 **MUSIC: DRMFX001, UP AND SUSTAIN UNTIL END, THEN FADE OUT**

Scene Two: House

015 **SOUND: SOUND OF A CLOSING DOOR, FOOTSTEPS**

016 **JOSEPH/JOY:** Mano po Itay.

017 **GRACE:** Mano po.

018 **WALDO:** Kaawaan kayo ng Diyos mga anak teka lang, tumawag na ba ang Nanay ninyo?

019 **GRACE:** (Pabalang) Hindi pa po itay, baka busy pa po siya.

020 **JOSEPH/JOY:** (Hopeful) Ate, itay, relax lang kayo! Malay natin bukas makalawa tumawag na yun.

021 **WALDO:** Pero tatlong buwan na siyang andoon, kahit text wala man lamang?

022 **GRACE:** (Bagot na bagot) Hayaan mo na iyan Itay, sasabihan ka namin agad kapag tumawag si Inay.

023 **MUSIC: DRMFX002**

024 **SOUND: FADE IN DOOR CLOSING**

025 **JOSEPH/JOY:** Ate bakit parang wala kang imik? Ate ooy! Bakit ang tahimik mo?

026 **GRACE:** Nagtataka lang ako kay Tatay

027 **JOSEPH/JOY:** Bakit naman?

028 **GRACE:** Minsan na lang siyang umuwi dito sa bahay, kung umuwi man, lasing at laging galit.

029 **JOSEPH/JOY:** Siguro nalulungkot lang siya ate! Dahil mag aapat na buwan na ay hindi pa rin nagpaparamdam si Nanay.

030 **GRACE:** Siya lang ba ang naghihintay sa tawag ni Nanay? Diba tayo rin naman?

031 **JOSEPH/JOY:** Ate intindihin na lang natin si tatay.

032 **GRACE:** Intindihin? Alam mo ba ang salitang intindihin Joy? ( maiiyak) Kung nalulungkot siyang wala dito si Nanay, sana isipin niya naman tayo! Sana isipin niya na malungkot din tayo, kailangan natin siya! (cries on background)

033 **SOUND: SLAMS DOOR**

034 **JOSEPH/JOY:** Ate naman (sisigaw) Ate!

035 **MUSIC: DRMFX-003**

Scene Three: Salas ng bahay

036 **SOUND: FADE IN DOOR CLOSING, WHILE TV ON BACKGROUND, CELLPHONE RINGS SUDDENLY**

037 **SOUND: CELLPHONE RINGING**

038 **JOSEPH/JOY:** Ayy, bakit kaya tumatawag si ate?

039 **SOUND: BEEP OF A PHONE**

040 **GRACE:** (humihikbi) Babe andito ako sa park (humihikbi) Babe buntis ako mag usap tayo.

041 **JOSEPH/JOY:** Ate? Hello Ate? (Immediately hangs up) (Magugulat) Buntis si ate? Kailangan kong puntahan si Ate ngayon sa park.

042 **MUSIC: DRMFX-004**

043 **SOUND: DISTANT CHATTERING AND KIDS SHOUTING, APPROACHING FOOTSTEPS**

044 **JOSEPH/JOY:** Ano to Ate? Akala ko Project? Tapos heto magkakamali ka sa pagtawag na buntis ka? Eto ba? (Tataas ang boses) Ate sumagot ka!

045 **GRACE:** Joy, hindi ko to sinasadya. Sasabihan naman .. (puputulin)

046 **JOSEPH/JOY:** (Puputulin) Ate wag ka nang magpaliwanag, Sa'yo ko na mismo narinig Akala ko ba, mag aaral ng mabuti? Akala ko, magtutulungan tayo? Bakit ganito?! Nabuntis ka ate! (maiiyak sa hinanakit na nararamdaman) Hindi mo man lang ba naisip na marami ang mga pangarap nina Nanay at Tatay para sa atin?

047 **GRACE:** (hahagulhol sa iyak) Alam ko naman yun. Pero Joy ..

048 **JOSEPH/JOY:** (Puputulin) Alam mo?! Wala kang alam ate, kasi kung alam mo hindi mo gagawin to! Hindi mo magagawa to sa amin!

049 **MUSIC: DRMFX-005**

050 **COMMERCIAL BREAK:**

051 **MUSIC: LA DECADENSE UP AND SUSTAIN 5 SECS, THEN FADE OUT**

052 **SOUND: CELLPHONE RINGING, BEEP**

053 **JOSEPH/JOY:** Hello

054 **VERONICA:** Hello? Hello anak, Joseph?

055 **JOSEPH/JOY:** (Medyo matamlay) Oh Nay. Kumusta po kayo? Kumusta ang Saudi? Miss ka na po namin.

056 **VERONICA:** Okey lang ang Nanay dito anak, maganda naman ang Saudi pero hindi pa ako nakakapasyal. Miss na miss ko na rin kayong lahat. ( malungkot ) Siya nga pala kumusta ang Tatay at Ate Grace mo?

057 **JOSEPH/JOY:** Si Tatay po laging wala at si Ate naman po (parang mag-aalangang sagutin) uhh si ate..

058 **VERONICA:** Bakit, anong nangyari sa ate mo?

059 **JOSEPH/JOY:** Nay si ate po (magaalangan) …

060 **VERONICA:** Joy,anu ba! Anu ang nangyayari sa ate mo? ( kinakabahan)

061 **JOSEPH/JOY:** Nalaman kong nabuntis po siya Nay, (humihikbi)

062 **VERONICA:** Ano?! Si Grace nabuntis? Bakit nagkaganito? (maiiyak) Saan ba ako nagkulang? Ginagawa ko naman ang lahat diba? Nagsasakripisyo ako para sa magandang kinabukasan ninyo. Tinitiis ko ang malayo sa inyo tapos ganito lang? Alam niyo ba kung gaano kahirap – (Madidisconnect ang tawag)

063 **SOUND: BEEP OF AN ENDING CALL**

064 **JOSEPH/JOY:** Nay?! Nay?!

065 **MUSIC: DRMFX006**

066 **MUSIC: DRAMATIC MELODY UNDER**

067 **VERONICA:** (Crying) Bakit nangyari iyon kay Grace? Hindi ko matanggap na ganito ang mangyayari pala sa pamilya namin. Halos araw-arawing sabunutan ako, sampalin , nasa tabi na nga ako ng kulungan nang aso natutulog, minsan wala pang kain. Hindi ko na kaya ang ganito, kung ito pala ang magiging kapalit sa pagkakawalay sa pamilya ko. Ayaw ko na. Aalis na ako rito.

068 **MUSIC: DRMFX-007**

069 **SOUND: DOOR CLOSING AND A TV SHOW CAN BE HEARD IN THE BACKGROUND**

070 **GRACE:** Tay, may sasabihin po sana ako…(humikbi)

071 **WALDO:** Anu yun?

072 **GRACE:** Tay, (umiiyak) patawarin mo po ako tay!

073 **WALDO:** Bakit ba Grace? Anu ba ang nangyayari? (pakabang tanong ni Waldo)

074 **GRACE:** (Humahagulhol) Tay, nabuntis po ako! Hindi ko po sinasadya. Sorry po kung naging marupok ako. Sorry po kung nabigo ko kayo ni Nanay!

075 **WALDO:** Anak (Iiyak) Hindi! Pagkukulang ko bilang ama kung bakit napunta ka sa ganitong sitwasyon. Hindi sana ito mangyayari kung lagi ko kayong ginagabayan. Pasensya anak sa mga pagkukulang ko sa inyo ni Joseph. Patawad kung hindi ko natupad ang pangako kong magdadamayan tayo.

076 **GRACE:** Sorry din po Tay!

077 **MUSIC: DRMFX-008**

Scene Eight: Somewhere in Metro Manila

078 **MUSIC: DRMFX-009**

079 **SOUND: EARLY MORNING NOISE IN THE BACKGROUND, WATER BEING POURED IN A GLASS**

080 **WALDO:** Joseph, kumain ka na ba?

081 **JOSEPH/JOY:** Kakain pa lang po Tay

082 **WALDO:** Maari ba tayong mag usap anak? (Hihinga nang malalim) Nak, sorry sa mga pagkukulang ko sa inyo ni Ate Grace mo. Pasensya na at napabayaan ko kayo.

083 **JOSEPH/JOY:** Tay, sorry po sa lahat. Hindi ko inaasahan na mangyayari ito sa atin.

084 **SOUND: CELLPHONE RINGING, BEEP**

085 **JOSEPH/JOY:** Hello? Oh nay! Kumusta? (Magugulat) Talaga nay? Oh ano gusto mo bang makausap si tatay? (Halatang excited) Ay, sige nay. Sabihan ko nalang po siya. Ingat po kayo dyan ha.

086 **WALDO:** Oh. Napatawag nanay mo ah. Ano raw ang sabi? Akala ko ba'y makakausap ko siya?

087 **JOSEPH/JOY:** Tay, nag nag-aayos na si nanay ng mga papeles niya para makauwi! Baka sa makalawa ay nasa Pilipinas na siya. Hindi na raw matiis ang pang-aabuso ng amo niya.

088 **WALDO:** Oh kumusta na ba siya doon? Ang importante ngayon ay makauwi siya sa atin ng ligtas. Makakasama na rin natin ang Nanay ninyo.

089 **MUSIC: DRMFX-010**

Scene Eleven: NAIA ( Ninoy Aquino International Airport)

090 164 **SOUND: VOICE OVER OF FLIGHT DETAILS**

091 165 **JOSEPH/JOY:** Ito na tayo, were coming Nay!

092 166 **GRACE**: (matatawa at hihimasin ang tiyan) Baby, andito na si lola.

093 167 **WALDO:** Ahm mga anak dito na lang ako sa labas, kayo na lang ang sumalubong sa Nanay niyo.

094 168 **JOSEPH/JOY:** Ayyy! Anu ba yan Tay, arte arte ( tumatawa) sabay-sabay nating sasalubungin si Nanay. Pamilya tayo, sama-sama tayo. Ganern!

095 **WALDO:** Nahihiya ako mga anak, pero tara na nga (matatawa)

**GRACE:** Parang manliligaw si Tatay, ang torpe ( matatawa)

101 **SOUND: CHATTERING**

102 **JOSEPH/JOY:** Ayan na si Nanay! Naaaay!

103 **GRACE:** Nay!

104 **VERONICA:** Mga anak! Waldo!

105 **MUSIC: LA DECADENSE FADE IN SUSTAIN THEN FADE OUT**